

narinig ang malalakas na tinig sa langit: Naganap na sa mundo ang pagkahari ng ating Panginoon at ng kanyang Mesiyas. Siya ang maghahari magpakailanman.

¹⁶ Nagpatirapa ang dalawampu't apat na matatandang nakaupo sa kani-kanilang luklukan sa harap ng Diyos at sumamba sila sa Diyos. ¹⁷ Ito ang sabi nila:

*Nagpapasalamat kami sa iyo, Panginoong Diyos,
na may-ari ng lahat
na siyang ngayon at noon pa man.
Sapagkat ginamit mo ang iyong malaking lakas
at nagsimula kang maghari.*

PATUNGO SA HINAHARAP: ANG DAIGDIG AT ANG IGLESYA

Ang babae at ang dragon

12 • ¹ May lumitaw na dakilang tanda sa langit: isang babaeng nadaramtan ng araw; nasa ilalim ng kanyang mga paa ang buwan, at korona naman sa kanyang ulo ang labindalawang bituin. ² Nagdadalan-tao siya at sumisigaw sa pagdaramdam sa panganganak.

³ Lumitaw ang isa pang tanda sa langit: isang malaking pulang dragon na may pitong ulo at sampung sungay at pitong

hayag ang simula ng Kaharian ng Diyos sa ating daigdig. Nakikita natin ang isang makalangit na templo, na inihalili sa Templo ng Jerusalem, isang bagong kaban na sumasagisag sa bagong Tipan ng Diyos sa mga tao ng bawat bansa.

• **12.1** Dito nagsisimula ang ikalawang bahagi ng pangitain ni Juan. Iniwan na ng Iglesya ang daigdig na Judio at pinalalawak ang tanaw. Makukuha ng Iglesya ang mga bansa sa pakikipagtunggali sa kapangyarihan ng diyablo. Mayroon na tayong simula ng serye ng pitong tanda o pangitain sa langit. Kinakatawan ng unang dalawa ang mga protagonista ng banal na kasaysayan, ang Babae at ang Dragon – ang Bayan ng Diyos at ang Diyablo.

Lumitaw ang isang babae. Waring napaliligiran siya ng luwalhati, ngunit nararamdaman na niya ang sakit ng pagsisilang. Kinatawan nito ang sangka-

¹⁸ *Nagngalit ang mga bansa,
ngunit sumapit ang oras ng iyong poot
ang takdang panahon ng paghatol sa
mga patay*

*para magbayad sa mga propetang
iyong lingkod*

*at sa mga banal na malaki o maliit man
na may pitagan sa iyong pangalan
at para wasakin naman ang mga
nagwawasak ng lupa.*

¹⁹ Nabuksan ang templo ng Diyos sa kalangitan at nakita ang Kaban ng kanyang Tipan sa loob ng kanyang templo. At saka may kidlat, ugong at kulog, may lindol din at umuulan ng mga batong yelo.

korona sa kanyang mga ulo. ⁴ Kaladkad ng kanyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit at ibinulid niya ang mga iyon sa lupa. Tumayo ang dragon sa harap ng babaeng manganganak para lamunin ang kanyang anak pagsilang nito. ⁵ Isang lalaki ang ipinanganak niya, *na siyang magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng tungkod na bakal.* Ngunit inagaw ang anak niya at dinala sa Diyos at sa kanyang trono ⁶ at tumakas

tauhan. Sa simula ng Biblia, kinatawan ito ni Eba, ang babaeng nagkasala. Ngunit ngayon ay nakikita natin ang sangkatauhan kung paanong hinahangad ng Diyos: nagdaranas ng sakit sapagkat ang ating buong kasaysayan ay ang masakit na paghahanda sa paglilig-tas sa atin. Nagsilang siya ng isang batang lalaki, na si Kristo mismo. Bunga ng pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan ang Tagapagligtas. Sabay na mula sa Diyos at sa mga tao ang kaligtasan.

Kinakatawan ng babae ang sangkatauhan na nakikipagtulungan sa mga plano ng Diyos; si Maria rin na nagsilang kay Jesus; iyon din ang Iglesya na *tumatakas patungo sa disyerto*: patungo sa buhay na espirituwal na hiwalay sa daigdig at binubuhay ng Salita ng Diyos sa panahon ng pag-uusig: *sanlibo at dalawandaan at animnapung araw*, o tatlong taon at kalahati (tingnan ang 11:11).

Ang ahas ang siyang may unang kasalanan, ngunit

naman ang babae sa disyerto. Mayroon siya roong isang lugar na inihanda ng Diyos at doon siya pakakanin sa loob ng 1260 araw.

• ⁷ Nagkaroon ng labanan sa langit. Nilusob ni Miguel at ng kanyang mga anghel ang dragon, at lumaban ang dragong kasama ang mga anghel niya. ⁸ Ngunit hindi siya nagtagumpay at hindi na natagpuan ang kanilang sariling lugar sa langit. ⁹ Kaya ibinulid ang malaking dragon, ang napakatandang ahas, na tinatawag na Diyablo o Satanas, na ang kahulugan ay “manlilinlang ng buong sangkatauhan.” Ibinulid siya at ibinulid din sa lupa ang mga anghel na kasama niya. ¹⁰ At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit.

*Sumapit na ang pagliligtas at kapangyarihan,
ang paghahari ng ating Diyos,
at ang pamamahala ng kanyang Pinahiran.*

*Sapagkat ibinulid na ang tagapagsakdal ng ating mga kapatid,
ang nagsakdal sa kanila araw at gabi.
¹¹ Siya’y nilupig nila sa dugo ng Kordero
at sa kanilang pagpapatotoo.
sa pagpapaubaya nila sa sarili
hanggang kamatayan.*

mas nakabihis. Kinakatawan ng pitong ulo ang napakarami nitong inimbento, ang *sampung sungay* (bilang na hindi ganap), ang kapangyarihan nito na malulupig. Nagapi ito sa langit, bagamat nagawa nito, nang bumagsak, na kaladkaring kasama ang maraming anghel (*ikatlong bahagi ng mga bituin*). Tingnan ang 8:10.

Tungkol naman sa *batang lalaki*, naghahanda si Satanas na lipulin siya sa krus, ngunit natakasan niya ang kasamaan ng ahas sa kanyang muling pagkabuhay.

• 7. Nabubunyag na ang plano ng Diyos para sa daigdig: magiging tao ang Anak ng Diyos at lilitaw na Tagapagligtas ng buong Sangkatauhan. Dala ng nasabing Pagbubunyag ang dalawang paghihimagsik, sa daigdig ng mga espiritu (o anghel) at sa sangkatauhan.

Sa guniguni ng mga Judio, ang mga anghel ay isang

*¹² Kaya magalak kayo, O kalangitan,
at lahat ng naninirahan doon;
ngunit sawi kayo, lupa at karagatan
sapagkat bumaba sa inyo ang diyablong galit na galit
sapagkaalam na maiklina ang kanyang panahon.*

• ¹³ Pagkakita ng dragong ibinulid siya sa lupa, inusig niya ang babaeng nanganak ng lalaki. ¹⁴ Ngunit binigyan ang babae ng dalawang pakpak ng dakilang agila upang makatakas sa kanyang sariling lugar sa disyerto. Doon siya pinakain nang isang panahon at dalawang panahon at kalahati, malayo sa ahas. ¹⁵ Sa likuran ng babae, ang ahas ay nagbuga ng tubig na parang ilog upang ipatanyag ang babae sa agos. ¹⁶ Ngunit tinulongan ang babae ng lupa sa pagbukas nito sa sariling bibig at lumamon sa ilog na ibinuga ng dragon. ¹⁷ Nagalit ang dragon sa babae at umalis upang kalabanin ang ibang mga supling nito, ang mga tumutupad sa mga kautusan ng Diyos at nag-iingat sa pagpapatotoo ni Jesus.

Ang halimaw at ang bulaang propeta

13 • ¹ Nang huminto ako sa tabing dagat, nakita ko ang isang halimaw na lumilitaw mula sa dagat na may

malaking hukbo at tinatawag na *Miguel* ang kanilang puno. Sa gayunding paraan, itinuturing ang demonyo na pinuno ng mga mapaghimagsik na mga anghel, *ang mga bituing lumagpak mula sa langit*.

Ilalantad ng susunod na mga kabanata ang pagkilos ng demonyo sa kasaysayan. Gumagamit siya ng mga balatkayo at maraming panghalili. Gayunman, makikilala siya ng mga nakahandang maghirap para sa katotohanan: *siya’y nilupig nila sa dugo ng Kordero* at ng lakas ng loob nang ipahayag siya at sumampalataya (11).

• 13. Nagsimula sa daigdig ng espiritu ang pagkakasala at paghihimagsik laban sa Diyos. Pagkataboy sa dragon mula sa daigdig na iyon, sinalakay niya *ang mga tumutupad sa mga kautusan ng Diyos*, at sinimulan sa pinakamabuti at natatanging mga tauhan ng Iglesya. Hindi matatapos kailanman ang pakikipaglaban. Ang mga nangangarap ng

sampung sungay at pitong ulo; nasa mga ulo niya’y sampung korona, at sa bawat ulo nasusulat ang isang titulong lumalait sa Diyos. ²Kamukha ng leopardo ang halimaw na nakikita ko ngunit paa ng oso ang kanyang mga paa, at bibig ng leon ang bibig niya. Ibinigay sa kanya ng dragon ang sariling lakas at trono nito taglay ang malaking kapangyarihan.

³Waring nagilit ang leeg ng isa sa mga ulo at malapit nang mamatay, ngunit gumaling ang nakamamatay na sugat, kaya nagtaka ang sangkalupaan at sumunod sa halimaw. ⁴Sumamba sila sa dragong nagbigay ng kapangyarihan sa halimaw; sumamba pa rin sila sa halimaw

at nagsabi: “Sino ang katulad ng halimaw? Sino nga ang makalalaban sa kanya?”

⁵Binigyan ang halimaw ng isang bibig na palalo at lumalapastangan sa Diyos; binigyan din siya ng kapangyarihang kumilos sa loob ng apatnapu’t dalawang buwan. ⁶Kaya ibinuka nito ang kanyang bibig upang lapastanganin ang Diyos, laitin ang kanyang pangalan at tirahan na ang mga naninirahan na sa langit. ⁷Pinahintulutan ang halimaw na makipaglaban sa mga banal at lupigin ang mga ito. Binigyan din siya ng kapangyarihan sa lahat ng lipi, bayan, wika at bansa. ⁸Kayat sasamba sa kanya ang lahat ng naninira-

pagkakaisa sa lahat ng tao sa daigdig ay nakalilimot na naririto rin ang Masama.

• **13.1** Tinatangka ng demonyo na sugpuin ang tagumpay ni Kristo at papaniwalain ang mga tao na walang bisa si Kristo sa araw-araw na buhay. Kung gusto nilang mabuhay, kailangang isuko nila ang kanilang kalayaan at konsiyensya sa ibang panginoon, ang kapangyarihang pulitikal.

Nakakalat-kalat ang unang salinlahi ng mga Kristiyano sa imperyo ng Roma, na pagkatapos ng dalawang siglo ng pananakop at mabisang pagkilos ay nakasakop sa maraming iba-ibang bansa. Humanga ang mga tao sa “maka-Romanong kapayapaan” at ang kasaganaang sumunod. Hindi nila nakita ang pang-nib ng isang lipunang totalitaryo: nang nagsusulat si Juan, katatakda pa lamang ni Emperador Domitiano na kailangang parangalan at kilalanin siyang diyos ng lahat ng kanyang mga nasasakupan.

Kaya kinailangang gumawa ng mabigat na pagpapasiya ang mga Kristiyano. Sa pagtanggap nila kay Kristo, na iisang Panginoon ng buhay, ay kinaharap din nila ang pag-uusig. Itinuturo ni Juan ang kanilang pananatiling matapat kay Kristo at ang pagtanggap sambahin si Caesar. Isang pangkat ng mga Kristiyano ang matagumpay na haharap sa estadong totalitaryo: magtatagumpay ang Iglesya sa bisa ng dugo ng mga martir.

Ito ang kahulugan ng kasalukuyang pangitain. Kumakatawan ang dalawang halimaw sa dalawang kapangyarihang nagsasanib ng lakas sa paglilingkod sa Dragon – ang demonyong lumalaban sa Iglesya.

Kamukha ng leopardo ang unang halimaw (2). Ito ang kumakatawan sa mapang-usig na lakas ng imperyo ng Roma, sa mga larawang kinuha sa Daniel 7:3-7. Nanggagaling ito sa dagat, o mula sa Kanluran, sa Roma. Parang karikatura ng Muling Pagkabuhay ang lakas at kapangyarihan ng imperyo ng Roma.

Nakita ko ang isa pang halimaw na gaya ng Kordero (11). Galing ang halimaw na ito sa kontinente sa Silangan, mula sa Asia. Kinakatawan nito ang mga

relihiyon na nakikipagpaligsahan sa Kristiyanismo. Nagpanggap silang naghahandog ng makalangit na kaligtasan, ngunit hindi hinatulan ang mga kasalanan ng Roma, laluna ang kabulukan ng lipunan.

Nagsasalita gaya ng dragon. Inilalarawan ng huwad na kordero ang mga bulaang relihiyon ng kahit anumang panahon. Sa kasalukuyan, marami ang pakunwaring Kristiyanong relihiyon na itinatangayod ng pambayan o banyagang grupong pulitikal: nagsasanay at bumabayad ang mga ito sa mga pastor at ahente ng mga “miracle crusade” upang mapanatili ang isang di-makatarungang kaayusan sa lipunan. Nagtuturo sila ng hindi pagtutol sa kasamaan, at kinalilimutang ang karuwagan ay isang malubha at karaniwang bisyo.

Nanghihimok na siya na gumawa ng isang larawan ng halimaw (14). Ang mga sektang nagbibigay-diin sa paghatol ng Biblia sa mga diyus-diyusan ang malimit naglilingkod sa mga bagong panginoon, na humahalili sa Diyos at hinihingi ang bulag na pagsunod ng mga tao. At parang kawan ng mga tupa ang mga tinuturuan nila na walang kakayahang mag-isip kung ang pinaglilingkuran nila ay ang Diyos o ang demonyo.

Sanay ang demonyo na magsanib ng kapangyarihang may bisa sa isang ideolohiya na hindi matanggap ng mga Kristiyano: ito ang nangyayari ngayon sa lahat ng mga bansa na walang paggalang sa mga pangunahing pangangailangan ng konsiyensya. Ang tunay na Kristiyano ay nilililalig ng mga lider at ng isang opinyong-bayan na kontrolado ng makabagong propaganda, kaya nahaharap sila sa lantaran o natatagong pag-uusig. Lalong lumalakas ang mga grupong gumagamit ng lakas dahil sa mga suliraning pangkabuhayan. Sa maraming lugar, inaalisan ng hanapbuhay ang hindi sumusuko sa huwad na mga “Panginoon”: *wala nang makakabili o makakapagbili*, makakuha ng gawain o makapag-aral (17).

Animnaraan at animnapu’t anim. Sa mga aklat nang panahong iyon, karaniwang binibigyan ng katumbas na bilang ang bawat titik ng abakada, at

han sa lupa na ang pangalan ay di naka-sulat mula pa sa paglalang sa mundo sa aklat ng buhay ng Korderong pinatay.

⁹Makinig ang may pandinig. ¹⁰*Bibilangin ang itinakdang bilangin at papatayin sa tabak ang itinakdang patayin sa tabak.* Nariyan ang pagtitiis at pananampalataya ng mga banal.

¹¹Nakita ko ang isa pang halimaw na nanggagaling sa lupa na may dalawang sungay na gaya ng sa Kordero at nagsasalita namang gaya ng dragon. ¹²At ginagamit niya sa paglilingkod sa unang halimaw ang lahat ng nasa kapangyarihan nito. Kaya pinasasamba niya ang sangkalupaan at ang mga naninirahan doon sa unang halimaw na may nakamatay na sugat na gumaling. ¹³Malalaking tanda ang ginagawa niya at maging ang apoy ay pinapababa niya mula sa langit sa paningin ng mga tao.

¹⁴Kaya patuloy niyang dinaraya ang mga naninirahan sa lupang iyon sa mga kataka-takang tandang ginawa niya sa

paglilingkod sa halimaw, hinihimok nga niya ang mga naninirahan sa lupa na gumawa ng isang larawan ng halimaw na nasaktan ng tabak at nabuhay pa. ¹⁵Pinagbigyan din siyang magbigay-buhay sa larawan ng halimaw; nakapagsasalita pala ang larawan ng halimaw at ipinapatay nito ang sino mang di-sumasamba dito. ¹⁶Kaya pilit na natatakan ang lahat sa kanilang kamay at noo maging maliit o mahahalaga, mayayaman o mararalita, malalaya o alipin. ¹⁷Wala nang makabibili o makapagbibili kundi ang natatakan ng pangalan ng halimaw o ng bilang ng pangalan nito.

¹⁸Kailangan na rito ang karunungan. Magbigay kahulugan nawa ang matalino sa bilang ng halimaw na ang bilang ay sa isang tao. Ang bilang niya ay 666.

144,000 sa Bundok ng Sion

14 • ¹Patuloy akong nakatingin: Nakatayo ang Kordero sa bundok ng Sion kasama ang 144,000 katao na

kinukuha ang “bilang” ng isang indibiduwal. Maraming kahulugan ang maibibigay sa animnaraa’t animnapu’t anim, ngunit maiaangkop ito kay “Emperador Nero.” Alam nating tinutukoy ng bilang na anim ang anumang hindi ganap: ang nagsikap maging pito (o ganap) at hindi umabot.

Alam natin na naghahangad ang ilang anti-Katoliko, na maikapit sa papa ang bilang na ito, na wari bang ang kahalili ni Pedro ay kailangang ipagkamali sa emperador ng Roma na humatol ng kamatayan sa mga naunang Kristiyano. Walang kinalaman sa Biblia ang mga bungang-isip na ito. Bukod dito, ang mga sanay na maglaro sa mga bilang ay madali nang maikakapit ang 666 sa ilan sa mga kasalukuyang pinuno ng estado, o sa iba pang taong kilala nila. Kaya nga, dapat ituring na isang laro lamang ang bilang 666. Paraan din ito ng pagtuligsa nang di-lantaran sa emperador ng Roma.

• **14.1** Kaharap ng mga lakas ni Kristo ang mga lakas ni Satanas na tinipon sa imperyong Romano. Kailangang samantalain ng Halimaw ang oras na naipagkaloob dito, sapagkat nakapangyayari na si Kristo at inihahanda na ang hatol na magbibigay-wakas sa kapangyarihang nag-uusig.

Nakatayo ang Kordero sa Bundok ng Sion. Kinakatawan ng Sion ang Iglesya, ang makalupa at ang makalangit ding Iglesya. Nakapangyayari si Kristo sa gitna ng mga pinag-uusig. Ang panunupil, gapos at

kamatayan ay hindi nakarating sa lihim na templo ng bawat tao na pinagkalooban ng buhay at presensya ni Kristo.

Tinutukoy ng 144,000 ang mga Kristiyano sa imperyong Romano na nananatiling matatag sa kanilang pananampalataya. Sila ang mga “unang tinubos” at kinakatawan nila ang mga mananampalataya ng mga darating pang mga siglo.

Ang mga umuunawang literal sa lahat ng bagay ay nagpahayag na ang mga maliligtas ay umaabot lamang sa bilang na 144,000. Ngunit bakit hindi nila basahin ang 7:4-9 na nagsasabing kumakatawan ang 144,000 sa hinirang na mga Judio at mayroon ding isang *dimabilang na makapal na tao* mula sa iba pang mga bayan?

Wala silang kapintasan. Sa 7:9, kinakatawan ng mga martir ang mga Kristiyano; sinabi ni Juan na *birhen* sila, at may dalawang kahulugan ito, tulad sa salitang *pakikiapid* sa ibang dako: hindi nila sinasamba ang Halimaw; at nakalaya na sila sa kalupitan ng pakikipag-ugnayang sekswal.

Nag-aawitan sila ng isang bagong awit. Nang mailigtas na ng Panginoon ang Israel sa Dagat na Pula, inihimig ng mga tao ang *Awit ni Moises* (Ez 15:1). Ngunit ngayon ay inaawit ng mga mananampalataya at martir ang Bagong Awit upang ipagdiwang ang kanilang paglaya sa poot, sa kanilang sariling mga kahinaan at sa takot sa kamatayan, sa pamamagitan ni Kristo.

nakasulat sa kanilang noo ang pangalan niya at ang pangalan ng kanyang Ama.

²At narinig ko ang isang tinig mula sa langit na sinlakas ng masaganang alon o ng kulog; itong tinig ay katulad ng mga gitaristang tumutugtog ng kanilang gitara.

³Nag-aawitan sila ng isang bagong awit sa harap ng trono, sa harap ng apat na nilalang na buhay at ng matatanda. At walang natuto ng awit kundi ang mga 144,000 na nakuha sa lupa at natubos.

⁴Sila ang hindi nadungisan sa mga babae; birhen nga sila. Sila ang mga sumasama sa Kordero saanman pumunta. Sila ang mga tinubos mula sa sangkatauhan na naging bahagi ng Diyos at ng Kordero.

⁵Walang kasinungalingang nasumpungan sa kanilang bibig: wala silang kapintasan.

- ⁶Pagkatapos, nakita ko ang isang anghel na lumilipad sa kaitaasan na taglay ang isang magpakailanma't mabuting balita na dapat ibalita sa mga nananahan sa lupa, sa lahat ng mga bansa, tribu, wika at bayan. ⁷At sigaw niya: "Parangalan at luwalhatiin ang Diyos sapagkat sumapit na ang oras ng kanyang paghatol. Sumamba kayo sa gumawa ng langit at lupa, ng dagat at ng mga bukal."

⁸Sumunod ang isa pang anghel at sumigaw na: "Bumagsak ang malaking Babilonia na nagpainom sa lahat ng

bansa ng matinding alak ng kanyang kahalayan!"

⁹Kasunod ng dalawang anghel ang ikatlo na ang sigaw: "Kung may sumasamba sa halimaw at sa larawan nito at tumanggap ng tatak nito sa noo o sa kamay, ¹⁰paiinum siya ng alak ng galit ng Diyos na inihandang walang halo sa kopa ng kanyang poot. At pahihirapan siya sa apoy at asupre sa harap ng mga banal na anghel at ng Kordero. ¹¹Ang usok ng kanilang pagdurusa ay paiilang magpakailanman. Wala ngang pahingaw araw at gabi ang mga sumasamba sa halimaw at sa larawan nito, at ang sinumang tumatanggap din ng tatak ng pangalan nito."

¹²Nariyan ang pagtitiis ng mga banal na nag-iingat ng mga kautusan ng Diyos at ng pananampalataya mula kay Jesus.

¹³May narinig akong nagsalita mula sa langit: "Isulat mo: Mapapalad na mula ngayon ang mga patay na namatay na sakop ng Panginoon. Sabi nga ng Espiritu: "Naaaliw na sila dahil sa kanilang pagpapagod, sapagkat sumasakanila ang mga gawa nila."

¹⁴Patuloy akong napatingin. May isang maputing ulap at nakaupo rito ang isang waring anak ng tao; mayroon siyang koronang ginto at nasa kamay niya ang isang matalas na karit. ¹⁵Isa pang anghel ang lumabas sa templo at malakas na

• 6. Nang lumaon, inihanda ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo ang pagbagsak ng Lunsod at ng mga huwad na diyos nito (8). Nauna nang sinabi na magandang balita ito ngunit, sa kasalukuyan, inilalapat ang panunupil laban sa mga nagpapatotoo kay Jesus (9).

Tinatawag na *Babilonia* ang nag-uusig na imperyo. Sa Biblia, ang pangalang ito ang sagisag ng kapangyarihang laban sa Diyos. Ipakikita sa pagkawasak nito kung paanong hinahatulan ng Diyos ang dimakatarungang balangkas ng lipunan.

Kapag nagkakaroon ng malalaking krisis at kamuhimuhing mga digmaan, maraming tao ang nagsasabi: "ito ang wakas ng daigdig." Kaya nga, nang bumagsak ang imperyong Romano makaraan ang tatlundaang taon pagkatapos ni Juan, ipinalagay ng mga tao na iyon na ang wakas ng kabihasan. Gayunman, sa

paglipas ng panahon, nauunawaan ng mga tao na nagbubukas ang isang higit na malaking larangan sa pangangaral at pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

Kung may sumasamba sa Halimaw... (9). Dito binibigyang-diin ang pinakamahigpit na salita sa Ebanghelyo sa pangangailangang ipahayag ng bawat isa ang kanyang pananampalataya (Mt 10:28-33).

Maligaya mula ngayon ang mga patay na yumaong sumasampalataya sa Panginoon. Nasa isip ni Juan ang matagumpay na mga martir at iba pang nagpapatotoo kay Kristo, at hinihikayat niya ang mga iyon sa pagsasabing mula sa sandali ng kanilang kamatayan, kahati na sila sa ipinangakong kaligayahan. Magiging ganap ang kanilang kaligayahan sa Muling Pagkabuhay: Fil 1:23 at 2 Cor 5:8.

tumawag sa nakaupo sa ulap: “Ibaba mo ang karit at igapas sapagkat oras na ng pag-aani; hinog na ang aanihin sa lupa. ¹⁶Kaya ibinaba ng nakaupo sa ulap ang karit at ginapas ang anihin sa lupa.

¹⁷Lumabas ang isa pang anghel sa templong nasa langit, may hawak ding isang matalas na karit. ¹⁸Mula sa altar naman dumating ang isa pa na siyang tagapangasiwa ng apoy; at tinawag nito nang malakas ang may matalas na karit: “Ibaba mo ang iyong matalas na karit at gapasin ang mga buwig sa ubasan sa lupa, sapagkat hinog na ang mga ubas. ¹⁹Kaya kinarit ng anghel ang mga bunga ng ubas at itinapon sa pisaan ng matinding galit ng Diyos. Niyapakan ang pisaan sa labas ng lunsod at dugo ang lumabas sa pisaan. Nakaabot ito sa kabisada ng mga kabayo sa sukat ng isang libo at animnaraang estadyo.

15 ¹Pagkatapos, nakita ko ang isa pang tanda sa langit na dakila at kataka-taka: ang pitong anghel na may dalang pitong huling salot; sa mga ito ganap na huhupa ang galit ng Diyos.

²Nakita ko ang isang waring lawang kristal na may kahalang apoy. Ang mga sumupil sa halimaw, sa larawan nito at sa bilang ng pangalan nito ay nakatayo sa lawa ng kristal, at may dala silang mga gitara ng Diyos. ³Inaawit nila ang awit ni Moises na lingkod ng Diyos at ang awit ng Kordero na ang sabi:

Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa

*Panginoong Diyos na May-ari ng lahat
Makatarungan at tunay ang mga daan mo,*

• **15.5.** Dito, bumabalik tayo sa hinintay na pagbagsak ng Roma upang makita ang kahulugan nitong relihiyoso sa isang anyong higit nang buo. Pinagsasama-sama sa pitong kopa ang mga larawan mula sa mga salot ng Ehipto at iba-ibang teksto ng mga propeta.

Ipinagugunita ng Armageddon (o ang mga Burol

O hari ng mga bansa

⁴Sino ang di matatakot, O Panginoon at di-magbibigay-dangal sa iyong pangalan?

Sapagkat ikaw lamang ang banal.

Darating ang lahat ng bansa

upang sumamba sa iyo

sapagkat ibinunyag na ang iyong mga pasiya.

Ang pitong kopa

• ⁵Patuloy akong napatingin. Nabuksan sa langit ang santuwaryo ng Tolda ng Pagpapatotoo ⁶at lumabas mula roon ang pitong anghel na may dalang pitong salot. Nadaramtan sila ng puting maningning na lino na may gintong bigkis sa dibdib. ⁷Isa sa apat na buhay na nilalang ang nagbigay sa pitong anghel ng pitong kopang ginto na puno ng galit ng Diyos na nabubuhay magpakailanman. ⁸At napuno ang santuwaryo sa usok na galing sa luwalhati at kapangyarihan ng Diyos. At walang makapasok sa santuwaryo hanggang di nagaganap ang pitong salot ng pitong anghel.

16 ¹Narinig ko ang isang malakas na tinig na tumatawag mula sa santuwaryo sa pitong anghel: “Humayo kayo at ibuhos sa lupa ang pitong kopa ng galit ng Diyos. ²Kaya umalis ang unang anghel at pagkapagbuhos niya ng kanyang kopa sa lupa, ay sinibulan ng isang masama at matinding ulsera ang mga taong dala ang tatak ng halimaw o sumasamba sa larawan nito. ³Pagkabuhos ng ikalawa ng kanyang kopa sa dagat, naging dugo ito na waring sa pagpapatay, at namatay ang lahat ng may buhay na nilalang na nasa dagat.

ng Megiddo, 16:16) ang isang natanyag na pagkatalo sa kasaysayang Judio (2 H 23:29) at iyon ay sagisag na humuhula sa pagkatalo ng mga nagkakatipton doon. Sa gayon ipinahayag ni Juan ang dimaiwasang hatol ng Diyos at ang oras ng pagwasak sa kabihasnang anti-Kristiyano na lumulupig sa daigdig.

⁴Pagkabuhos ng ikatlong anghel ng kanyang kopa sa mga ilog at bukal ay nagkaroon ng dugo. ⁵At narinig kong nagsalita ang anghel na namamahala sa mga tubig:

“Makatarungan ka, na ngayon at noon pa, ang Banal
sapagkat ipinasya mo ito.

⁶Yamang ibinubo nila ang dugo ng mga banal at propeta

pinainom mo sila ng dugo;
karapat-dapat nga sa kanila ito.

⁷At narinig kong nagsalita ang altar: Oo, Panginoong Diyos na May-ari ng lahat, tunay at makatarungan ang mga pasiya mo.

⁸Pagkabuhos ng ikapat ng kanyang kopa sa araw, pinagbigyan itong mapaso ang mga tao. ⁹Mahigpit ang paso ng mga napasong tao kayat nilait nila ang pangalan ng Diyos na may kapangyarihan sa mga salot na ito at hindi nagsisi ni nagbigay-dangal sa kanya.

¹⁰Pagkabuhos ng ikalima ng kanyang kopa sa trono ng halimaw, nagdilim ang kaharian nito at kinagat ng mga tao ang kanilang dila dahil sa hirap. ¹¹Nilait nila ang Diyos na nasa langit dahil sa kirot ng ulsera nila at hindi sila nagbago sa kanilang mga gawa.

¹²Pagkabuhos ng ikaanim ng kanyang kopa sa malaking Ilog Eufates, natuyo ang tubig nito bilang paghahanda sa daraanan ng mga haring galing sa silangan. ¹³Mula sa bibig ng dragon at ng halimaw at ng bulaang propeta, nakita kong lumabas ang tatlong maruming espiritung kaanyo ng mga palaka. ¹⁴Mga maka-demonyong espiritu silang gumagawa ng mga tanda, at nagpupunta sa

mga hari sa buong sangkalupaan upang tipunin sila sa labanan ng dakilang araw ng Diyos na May-ari ng lahat.

¹⁵Mag-ingat! Katulad ng sa mag-nanakaw ang aking pagdating. Mapalad ang nagbabantay na nadamtan ng kanyang damit at baka matagpuan siyang hubo't hubad at makita ang kanyang kahubaran.

¹⁶At tinipon ng mga demonyo ang mga hari sa lugar na tinatawag na Armagedon sa Hebreo at Burol ng Megido sa Tagalog.

¹⁷Noon ibinuhos ng ikapito ang kanyang kopa sa himpapawid at narinig sa labas ng santuwaryo ang isang malakas na tinig mula sa trono: “Naganap na.”

¹⁸May mga kidlat at ugong at kulog, at lumindol nang napakalakas: kailanma'y hindi pa nagkakaroon ng gayon kalakas na lindol mula nang mamuhay ang tao sa lupa. ¹⁹Nahati ang malaking lunsod sa tatlong bahagi at gumuho ang mga lunsod ng mga paganong bansa. Sapagkat inaalala ng Diyos ang malaking Babilonia upang painumin siya ng alak ng matinding galit ng Diyos.

²⁰Nagsitakas ang mga pulo at hindi na natagpuan ang mga bundok. ²¹Bumagsak sa tao mula sa langit ang mga batong yelong kasimbigat ng isang talento. At nilapastangan ng mga tao ang Diyos dahil sa salot ng mga batong-yelo, sapagkat lalong matindi ang salot na ito.

Ang hatol sa Biblia

17 • ¹Lumapit sa akin ang isa sa pitong anghel na may dalang pitong kopa at kinausap niya ako: “Halika, ipakikita ko sa iyo ang paghahatol sa da-

• **17.1** *Ipinakikita ko sa iyo ang hatol...* Isiniwalat ng Diyos ang tunay na kahalagahan ng masagana at makapangyarihang nag-uusig na lunsod.

Sa mga taong naninirahan sa imperyo, kinakatawan ng Roma ang lahat ng nasa imperyo at sa kalinangan nito. Nang magtungo sila sa kapitolyo, humanga sila sa

mga gusali, sa mga kilusan nito, sa mga tanghalan, ilaw, sa pamumuhay ng di-mabilang na mamamayan. Sa gayon, hindi mahirap sa kanila na pagpitaganan ang Roma bilang diyosa.

Purong ilusyon ang pananatili ng imperyo, kaakbay ang pagkakilala rito na maka-Diyos at di-matatalo

kilang babaeng bayaran na nakaupo sa tabi ng masaganang tubig. ²Nakiapid sa kanya ang mga hari sa lupa at nalasing ang mga naninirahan sa lupa sa alak ng kanyang kahalayan.”

³Dinala niya ang aking diwa sa ilang at nakita ko roon ang isang babaeng nakaupo sa isang pulang halimaw, na lipos ng mga titulong nanlalait sa Diyos at may pitong ulo at sampung sungay. ⁴Nadaramtan siya ng pula at purpura at nahihiyasan ng ginto, mahahalagang bato at perlas; may hawak na kopang ginto na puno ng mga kasuklam-suklam na karumhan ng kanyang kahalayan. ⁵Nakasulat nang matalinghaga sa kanyang noo ang kanyang pangalan: *Dakilang Babilonia, ina ng mga babaeng bayaran at ng mga kasuklam-suklam na diyus-diyusan ng sanlibutan*. ⁶At nakita kong lasing ang babae sa dugo ng mga banal at ng mga martir ni Jesus.

Nanggilalas ako pagkakita sa kanya. ⁷Ngunit sinabi sa akin ng anghel: “Bakit ka nagtataka? Ipaliliwanag ko sa iyo ang misteryo ng babae at ng sinasakyan niyang halimaw, na may pitong ulo at sampung sungay. ⁸Hindi umiiral ang halimaw na iyong nakita kundi lumitaw lamang. Lilitaw siya mula sa kailaliman ngunit papunta sa pagkawala, at magtataka ang mga naninirahan sa lupa, na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula sa paglalang sa mundo, pag nakitang lumitaw ang halimaw ngunit hindi siya umiiral kundi lumilipas.

⁹Makinig nga kayong may isipan. Pitong burol ang pitong ulo na nakaupo doon ang babae; at pitong hari rin ang pitong ulo. ¹⁰Lumipas na ang lima; buhay pa ang isa; hindi pa ang isa pa na hindi magtatagal pagkadating niya. ¹¹Ikawalo ang halimaw, ngunit isa sa pito rin siya, na papunta sa pagkawala.

¹²Ang sampung sungay naman ay sampung hari na hindi pa tumatanggap ng pagkahari at maghahari isang oras na kasama ng halimaw. ¹³May iisang balak silang lahat at inilalagay nila ang kanilang lakas at kapangyarihan sa halimaw. ¹⁴Makikipaglaban sila sa Kordero at lulupigin sila ng Kordero sapagkat Panginoon siya ng mga panginoon at hari ng mga hari, at kasama niya ang mga tinawag na hinirang at matatapat.”

¹⁵At idinagdag ng anghel: “Ang nakita mong mga tubig na kinauupuan ng babaeng bayaran ay mga bayan, lahi, bansa at wika. ¹⁶Ang sampung sungay na iyong nakita, at ang halimaw na rin ay mamumuhi sa babaeng bayaran. Wawasakin at huhubaran siya nila; kakinin ang kanyang mga laman at tutupukin siya. ¹⁷Ang mismong Diyos ang ipinaisip sa kanila na isagawa ang kanyang sariling balak; kaya nga magkakasundo sila at magbibigay ng kanilang mga kaharian sa halimaw hanggang di-natutupad ang mga salita ng Diyos. ¹⁸Ang babae namang nakita mo ay ang Dakilang Lunsod na naghahari sa mga hari ng sangkalupaan.

sapagkat *papunta sa pagkawala* ang Halimaw, ang Masama na tumatangkilik dito, di-tulad ng Diyos na siya nga, at darating. Inilalarawan ang Roma na isang babaeng inaalihan ng demonyo. Ang *purpura*, na kulay ng mga emperador, at ang *ginto*, na katumbas ng kanilang kayamanan, ang tumatakip sa karumihan at kalupitan nito. Gayundin naman, ibinubunsod nito ang mga tao na maglingkod sa mga huwad na diyos at patayin ang mga martir.

Upang mailarawan ang malapit na hinaharap ng Roma, gumagamit ng mga sagisag si Juan: madaling bigyang-kahulugan ang ilan dito. Ang pitong burol ay

tumutukoy, nang walang alinlangan, sa Roma. Ang pitong hari ay sagisag ng mga emperador.

Ang *sampung sungay* ay ang mga hari ng mga taong barbaro na kaanib ng Roma. Ang mga tagasunod na ito ang magiging kasangkapan ng Diyos sa pagwasak sa imperyo. Gayunman, mananatili ang mga itong salungat sa Iglesya.

Ang *Kordero* at ang mga tagasunod niya ang *lulupig sa kanila* (14). Iniuugnay sa tagumpay ni Kristo ang bawat Kristiyanong nananatiling matatag sa kanyang pananampalataya.

18 • ¹Pagkatapos, nakita ko ang isa pang anghel na bumababa mula sa langit. Kaylaki ng kanyang kapangyarihan kaya nagliwanag ang lupa sa kanyang ningning. ²Sumigaw siya nang malakas:

“Bumagsak, bumagsak na ang dakilang Babilonia!

Naging tirahan siya ngayon ng mga demonyo,

kubol sa kahit anumang kasuklam-suklam na maruming espiritu, at pugad ng bawat di-malinis at kasuklam-suklam na ibon

³Siya ang nagpainom sa mga bansa ng alak ng kanyang matinding kahalayan,

Pinakiapiran siya ng mga hari sa lupa at yumaman ang mga mangangalakal ng lupa sa kanyang walang habas na luho.”

⁴Narinig ko ang isa pang tinig mula sa langit,

“Lisanin ninyo siya, aking bayan at baka makisali kayo sa mga kasalanan niya

at maramay sa kanyang mga salot.

⁵Sapagkat abot sa langit ang kanyang mga kasalanan

at naaalala ng Diyos ang kanyang mga kabuktutan

⁶Ibalik ninyo ang kanyang ibinigay Pagbayarin siya nang ibayo sa kanyang mga ginawa,

at ihanda sa kanya nang doble ang inuming inihanda niya.

⁷Kung gaano ang naging luho at pagpupuri niya

gayundin ang magiging kahirapan at pagluluksa.

Nag-isip nga siya: Reyna akong nakaluklok

hindi balo, at kailanma’y di magluluksa.

⁸Kaya sabay-sabay na darating ang kanyang mga salot

– kamatayan, pagluluksa at gutom.

Tutupukin siya ng apoy sapagkat

makapangyarihang Panginoon ang Diyos

na humahatol sa kanya.

⁹Kaya iiyak at mananaghoy dahil sa kanya ang mga hari sa lupa na nakiapid sa kanya at nakisali sa kanyang luho sa pagkakita nila sa pagkakasunog niya.

¹⁰Nangakatayo sila sa malayo dahil sa takot sa parusang tinanggap niya at sasabihin nila:

“Sawi, sawi, ang dakilang lunsod,

ang matiwasay na lunsod na Babilonia.

Sa sandaling oras na dumating ang iyong hatol.”

• **18.1** *Bumagsak na ang dakilang Babilonia* (1)! Ito ang isinigaw ng mga propeta nang ipahayag nila ang pagkagapi ng mapaniil na lunsod (tingnan ang Jer 50 at 51). Nang hulaan ni Jesus ang pagbagsak ng Jerusalem, sinabi rin niyang: “Magalak kayo...” (Lc 21:28).

Lisanin ninyo siya, aking bayan (4)! Nagbababala ang matagumpay na Diyos na dapat tayong maging asiwa sa kapaligirang pagano. *At baka makisali kayo sa kanyang kasamaan.* Mamuhay kayo sa daigdig na hindi makamundo, at kung masasawi ang lipunang tinitirhan ninyo, maging handa na sumunod sa matagumpay na kapalaran ng bayan ng Diyos (tingnan ang Fil 3:20).

**KAILANGAN BA NATING HUMANAP
NGAYON NG ISANG DAKILANG BABILONIA
SA DAIGDIG?**

Nakita ni Juan ang paghahari ng Halimaw sa imperyong Romano, at hinulaan niya ang pagbagsak

ninyo. Napakaikli ang sinabi niya tungkol sa mangyayari pagkatapos.

Sa pagsasalita ni Juan tungkol sa imperyong nakikilala niya, itinuturo niya sa atin kung paano titingnan ang mga imperyo sa siglong ito. May maunlad na kabihasnang imperyong ito ng Roma at pinakikinabangan pa natin iyon ngayon. Bagamat isinumpa iyon ni Juan, hindi pa dapat isipin na masama ang lahat ng naroon: siyanga pala, hinangad ni Kristo na maitatag ng kanyang mga apostol ang sentro ng kanyang Iglesia sa Roma mismo.

Gayunman, nasa lahat ng panahon ang dakilang Babilonia at makikita iyon sa bawat lakas na pangkabuhayan at pulitikal na hangad na ikulong ang tao sa lambat nito. Mahilig tayong ipareho ito sa pandaigdig na kapitalismo o sa materyalistikong sosyalismo, batay sa ating pananaw. Ngunit magiging mali na isiping isa lamang sa mga sistemang ito ang naglilingkod sa plano ng demonyo: walang kinikilalang hangganan ang naghahari sa daigdig na ito.

¹¹Umiiyak at nananaghoy ang mga mangangalakal ng daigdig dahil sa kanya; wala nang bibili ng kanilang kala-kal ¹²na ginto, pilak, mahalagang bato, perlas, pinong lino, purpura, seda, kulay na pula, kahoy na mabango, mamahaling kasangkapang yari sa garing, tanso, bakal at marmol, ¹³kanela, amomo; mga pabango, mira at insenso, alak, at langis, harina, trigo, mga baka at tupa, mga kabayo at sasakyan, at mga taong may kaluluwa na mabibili rin. ¹⁴At sabi nila:

“Inalisan ka ng mga hinog na bungang minithi mo

at nawala ang lahat ng iyong luho at dingal –

hindi mo na matitikman pa ang mga ito.

¹⁵Nakatayo sa malayo ang mga mangangalakal na kanyang pinayaman; natakot nga sila ng kanyang kahirapan, iiyak at mananaghoy.

¹⁶Sawi, sawi, ang dakilang lunsod na nakadamit ng pinong lino at purpura at pula,

nahihiyasan ng ginto, mamahaling bato at perlas.

¹⁷Sa sandaling oras na winasak ang napakaraming kayamanan.

Nakatayo sa malayo ang mga kapitan

at piloto ng barko, manlalayag at maghanap-buhay sa dagat ¹⁸at humiyaw sa pagkakita sa usok ng kanyang pagkasunog, at ang sabi: “Ano’ng lunsod ang maihahambing sa kanya?” ¹⁹Naglagay sila ng abo sa ulo; umiyak at nanaghoy at sumigaw:

Sawi, sawi, ang dakilang lunsod!

yumaman sa kanya ang lahat ng may sasakyang-dagat

dahil sa kanyang maluhong pamumuhay!

Nawasak siya sa sang-iglap lamang!

²⁰*Magalak ka, o langit (dahil sa kanya) o mga banal, mga apostol at mga propeta,*

sapagkat papananagutin siya ng Diyos sa pagkakasala sa inyo.

²¹Dinampot ng isang malakas na anghel ang isang batong sinlaki ng gilingan at inihagis sa dagat. At sinabi niya:

“Ganito karahas ihahagis ang Babilonia, ang dakilang lunsod, at hindi na siya matatagpuan pa.

²²Hindi na maririnig sa iyo ang tinig ng mga gumigitara at mang-aawit, ng mga manunugtog ng plauta at trumpeta. Kailanma’y hindi na matatagpuan sa iyo ang manggagawa ng kahit ano. Hindi na maririnig pa sa iyo ang ingay ng gilingan.

Alam na natin na sa buong daigdig inuusig ng mga pamahalaang ateista o hindi kumikilala sa Diyos ang Iglesya, ngunit sa Ikatlong Daigdig din, kinakaharap ng Iglesya ang marahas at mandarayang pag-uusig ng mga pamahalaang diktatoryal o sa uring liberal na nagpapanggap na sumusunod sa mga simulaing Kristiyano. Kinakailangang usigin ng mga sistemang lumilikha ng angaw-angaw na mga dukha ang Iglesyang nasa piling ng mga dukha.

Matindi sa maraming lugar ang totalitaryong pagpataw ng kapangyarihang pangkabuhayan at pulitikal, sa pangalan ng kapakanan at ng kaligtasan ng ilang tao (tingnan ang 13:17). Samantala, kapalit ng kapayapaan ng Iglesya, hinihingi sa kanya na gawin ang ginagawa ng huwad na propeta: patulugin ang mga tao, sa halip na gisingin sa mga ito ang pag-ibig sa Katotohanan at Katarungan.

IUUGNAY BA NATIN ANG APARISYON NG BIRHEN SA NALALAPIT NA PAGHUHUKOM?

Napapansin natin ang patuloy na pagiging mas

masalimuot kaysa dati ng buhay ng tao dahil sa iba’t ibang tensiyon, at nakikita rin natin kung paanong bawat araw ay nagbibigay ng puwang sa kasamaan, at mga higit na mabisang paraan sa mga tao upang maging kamanggagawa ni Satanas: malapit na kaya ang wakas? Nagdudulot ang lahat ng ito ng pagtataka sa maraming tao kung bakit malimit na napakikita si Maria sa ating panahon.

Ipinakikita ng Biblia na sa pagmamalasakit ng Diyos sa sangkatauhan, sa kabuuan, hindi siya mahahadlangan na makipag-ugnayan sa isang tanging paraan sa mga taong hinirang niyang makihati kay Jesus sa gawain ng kaligtasan. Pinakauna sa mga ito si Maria. Nauunawaan natin na si Maria at ang Iglesya ay magkasama sa plano ng Diyos. Tinutukoy ang dalawa ng sagisag ng *Babae* at ng *Dragon* sa kab. 12.

Sa paglipas ng panahon, natutuklasan natin na ang pinakamalaking balakid na kumakalaban at umaantala sa gawain ng Diyos ay hindi ang mga kaaway ng pananampalataya kundi ang mismong Iglesya, na malimit ay bulag sa hinihingi ng Ebanghelyo samanta-

²³Wala nang ilawang magniningning pa sa iyo, walang awit ng nobyo at nobya ang maririnig pa.

Sapagkat naging mabibigat na tao ng sanlibutan ang iyong mga mangangalakal at nadaraya mo ang lahat ng bansa sa iyong pangkukulam. ²⁴Sa lunsod na ito natagpuan ang dugo ng mga propeta at mga banal, ang dugo ng lahat ng pinatay sa sangkalupaan.”

Mga awit sa langit

19 • ¹Pagkatapos nito, narinig ang waring malakas na pagbubunyi ng makapal na taong nasa langit:

“Aleluya! Sa aming Diyos ang paglilig-tas at kaluwalhatian at kapangyarihan, ²sapagkat tunay at makatarungan ang kanyang mga pasiya. Hinatulan niya ang dakilang babaeng bayarang nagpasama sa daigdig dahil sa mga pakikiapid niyon. Pinapanagot niya iyon sa dugo ng kanyang mga lingkod.”

³At muli nilang inawit: *“Aleluya! Pailanlang magpakailanman ang usok niya.”* ⁴At nagpatirapa ang dalawampu’t apat na matatanda kasama ang apat na nilalang na buhay; sumamba sila sa naka-upo sa trono at ang sabi: “Amen! Aleluya!”

⁵Isang tinig ang nanggaling sa trono: “Magpuri sa ating Diyos, kayong mga

lingkod niya at nagpipitagan sa kanya, maliit man o mahalaga.” ⁶At narinig ko ang isang tinig na mula sa makapal na tao na katulad ng ugong ng malalakas na kulog:

“Aleluya! Naghahari na ang Pangi-noong

ating Diyos na May-ari ng lahat

⁷Magalak at magsaya tayo

at magpuri tayo sa kanya

sapagkat sumapit na ang kasal ng

Kordero

at naghanda ang kanyang esposa

⁸na nadaramtan ng malinis at makintab na lino.

Ang purong lino ay ang mabubuting gawa ng mga banal.

⁹Sinabi sa akin: “Isulat mo: Mapalad ang mga inanyayahan sa kasalan ng Kordero.” At sinabi sa akin: “Tunay na salita ng Diyos ang mga salitang ito.”

¹⁰Kaya nagpatirapa ako sa kanyang paanan upang sumamba sa kanya. Nguni sinabi ng anghel: “Huwag! Isa lamang akong lingkod na gaya mo at ng mga kapatid mong taglay ang pagpapatotoo ni Jesus. (Taglay ng espiritu ng mga propeta ang mga pagpapatotoo ni Jesus.) Ang Diyos ang dapat mong sambahin.

lang gumagawa upang lumaganap sa daigdig. Nakikita natin, halimbawa, na hinahangad ng Iglesya na maging simbahan ng mga dukha, ngunit halos napasakamay ito ng mayayaman at nasisiyahang mga tao.

Hindi nakapagtataka, kung gayon, na ginagamit ng Birhen Maria ang biyayang ipinagkaloob sa kanya ng Panginoon at namamagitan sa pagharap sa mga dukha, at ipinagkakatiwala sa mga ito ang mga salita ng Ebanghelyo. Binibigyang-diin ng mga aparisyon ng Birhen ang maraming pagkabigo ng Iglesya. Tumutulong si Maria sa kanyang mga nalilimutang anak.

Sa pagiging malimit at malawakan ng mga aparisyon, makikilala natin na hindi lamang mahina ang Iglesya sa paglaban sa mga pagsalakay ni Satanas, kundi higit na aktibo si Satanas sapagkat nalalapit na ang wakas.

• 19.1 Mga awitin ng tagumpay sa langit.

Nagagalak ang makapal na tao sa paghatol sa babaeng bayaran nang may mga sigaw ng “aleluya” para sa magaganap na kasal ng Kordero.

Mapalad ang mga inanyayahan sa kasalan ng Kordero (9). Ngayon ay binabanggit ni Juan ang kasiyahan at galak nang magwakas ang ingay at mga katuwaan sa Babilonia. Patay na ang mga ilaw nito at maliwanag na kumikislap naman ang mga *gawa ng mga banal* – kabayanihan o karaniwang paglilingkod.

Sa katapusan ng talata, binabatikos ni Juan ang labis na malasakit sa mga anghel sa ilang sektor ng Iglesya. Binabantaan nitong palitan ang pagsamba sa mga diyus-diyusang pagano at ibaba si Kristo.

• 11. Narito ang karugtong ng mga kabanatang 13, 14, 15 at 16 pagkatapos ng parenthesis sa mga kabanatang 17 at 18. Ibinuhos na ng pitong anghel ang mga kopa ng parusa sa Halimaw at inasahan ang pangwakas na sagupaan. Kaya napakita si Kristo.

Ang pangalan niya ay Salita ng Diyos (13). Siya ang anak na lalaki na isinilang ng babae at nakatakda siyang *magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng tungkod na bakal (12:5)*. Matagumpay na dumating si Kristo. Ang kanyang tunay na pangalan ay

Ang tagumpay ng salita ng Diyos

• ¹¹ Pagkatapos, nakita kong nabuksan ang langit at lumitaw ang isang kabayong puti. Sakay niyon ang Matapat at Tooto na makatarungan sa paghatol at pagdirigma. ¹² Liyab ng apoy ang kanyang mga mata at nasa ulo niya ang maraming korona. Nakasulat sa kanya ang isang pangalang siya lamang ang nakauunawa. ¹³ Balot siya ng isang balabal na winisikan ng dugo at ang pangalan niya ay tinatawag nang ganito: *Salita ng Diyos*. ¹⁴ Sumusunod sa kanya ang mga hukbo sa langit na sakay ng mga kabayong puti at nakadamit ng malinis at pinong puting lino. ¹⁵ Lumalabas sa kanyang bibig ang isang matalas na tabak at sasaksakin niya dito ang mga bansa *sapagkat siya ang magpapastol ng mga ito sa tungkod na bakal*. Siya ang yumayapak sa pisaang-ubas ng matinding poot ng Diyos na Mayari ng lahat. ¹⁶ Nakasulat sa kanyang balabal at hita ang kanyang sariling pangalan: *Hari ng mga hari at Panginoon ng mga Panginoon*.

¹⁷ Pagkatapos, nakita ko ang isang anghel na nakatayo sa araw. Malakas niyang tinawag ang mga ibong lumilipad sa himpapawid: “Halina kayong magtipun-tipon sa malaking hapunan ng

Diyos. ¹⁸ Kakain kayo ng laman ng mga hari, ng laman ng heneral, ng laman ng bayani, ng laman ng kabayo at ng mangangabayo, ng malaya at ng alipin, ng laman ng maliit at ng laman ng dakila.

¹⁹ Nakita ko ang halimaw, kasama ng mga hari sa lupa at ng kanilang mga hukbong inihahanay upang makipaglaban sa nakasakay sa kabayong maputi at sa kanyang hukbo. ²⁰ Ngunit nabihag ang halimaw kasama ang bulaang propetang gumagawa ng mga himala sa paglilingkod sa kanya; sa pamamagitan ng mga ito nilinlang ng bulaang propeta ang mga tumanggap ng tatak ng halimaw at sumamba sa larawan niyon. Itinapon ang dalawa sa lawa ng nagliliyab na asupre. ²¹ Ang iba naman ay pinatay sa tabak na lumalabas sa bibig ng nakasakay sa kabayo; at nabusog sa kanilang laman ang lahat ng mga ibon.

Ang sanlibong taon

20 • ¹ Nakita ko ang isang anghel na bumababa mula sa langit, taglay ang susi ng balon ng kalaliman, at isang malakingtanikala. ² Hinuli niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diyablo o Satanas, at itinanikalanang sanlibongtaon. ³ Inihagis ito sa kalaliman at sinarhan ang balon upang huwag nang makapandaya ito

Salita. Salita ng Diyos: ito ang pan-Diyos na katotohanan na *siya lamang ang nakauunawa*. Tingnan ang Jn 1:1-14 tungkol dito.

Sumusunod sa kanya ang mga hukbo sa langit: tulad sa pahayag ni Jesus nang makailang ulit (Mt 16:27).

Ang Salita ng Diyos, na masyadong makapangyarihan para malupig, gumagawa upang magligtas, *matapat* sa pagtupad sa mga pangako ng Diyos, sinasabi ang *tooto*, at *nagtataguyod ng makatarungang digmaan*. Ang *makatarungang digmaan* ay ang pakikilaban sa demonyo at sa mga kapanalig nito: ang nag-uusig na lakas (ang Halimaw) at ang mga doktrinang nagbibigay ng opyo, sa halip ng kaligtasan (ang huwad na propeta).

Ang pahinang ito ang propesiya ni Juan na may kinalaman sa pagkawasak ng nag-uusig na imperyong Romano. Natupad iyon at naglaho ang imperyo. Sa pagbasa sa pahinang ito, maaari nating isipin ang mga pagkabigo ng di-matatalong mga hukbong Romano, at

sa pagbagsak ng malaking pangkat na ito, na ang kaluluwa ay ang paniniwala sa pagka-Diyos ng Roma at ni Emperador Cesar. Hindi dumating si Kristo upang makilaban sa mga hukbong Romano: isang bilang ng mga kawal ang sumampalataya na sa Kristiyanismo. (Maraming kabataang Kristiyano na nasa hukbo ang mga misyonero ni Kristo saanman magtungo at mayroong mga naging martir sa kanila.)

Sa halip, ang tagumpay na ipinahayag ng Pagbubunyag ay ang tagumpay ni Kristo at ng mga martir. Winasak ang kalupitan, kawalang-katarungan at imoralidad ng paganong daigdig sa bisa ng kanilang pagpapakasakit. Ang pang-araw-araw na pagpupunyagi ng mananampalataya ang tagumpay ni Kristo. Gayunman, sumapit ang araw nang ihandog ng Panginoon ang katarungan sa harap ng madla: *Halina kayo, kumain ng laman ng mga hari at henerals* (18).

• **20.1** Ginagamit pa rin ang tekstong ito sa maraming nagkakalaban at maling komentaryo. Iniisip

sa bansa hanggang di nagaganap ang sanlibong taon. Pagkaraan ay sandaling panahon siyang pakakawalan.

⁴At saka nakita ko ang mga luklukan, at umupo sa mga ito ang mga makakahukom. Nakita ko rin ang kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa pagpapatotoo ni Jesus at sa salita ng Diyos – ang mga di sumamba sa halimaw at sa larawan nito na tumangging matatakan ng tatak nito sa noo at kamay. Nabuhay sila at nagharing kasama ng Mesiyas sa loob ng sanlibong taon.

⁵Hindi binuhay ang ibang mga patay hanggang hindi natatapos ang sanlibong taon. Ito ang unang muling pagkabuhay.

⁶Mapalad at banal ang makakasama sa unang muling pagkabuhay! Wala nang kapangyarihan sa kanila ang ikalawang kamatayan. Mga pari sila ng Diyos at ng Mesiyas, at kasama niya silang maghahari sa loob ng sanlibong taon.

⁷Pagkalipas ng sanlibong taon ay

ng iba ang isang paraiso sa lupa na tatagal nang sanlibong taon bago pa sa langit. Ngunit ang lahat ng ito ay magiging labag sa lahat ng malinaw na ipinangangaral sa Bagong Tipan, na walang panahong namamagitan sa buhay na ito at sa buhay na walang hanggan.

Ang pangitaing ito ay maaaring isang naiibang paraan ng pagtatanghal ng ating kasaysayan sa pagbibigay-diin sa mga positibong bunga at mata-gumpay na pangangaral at pag-eebanghelyo. Kuma-katawan ang sanlibong taong ito sa panahong nakalaya ang Iglesya sa mga pag-uusig ng Judio at Romano, at pinalalaganap niya sa daigdig ang Ebanghelyo.

Ang pag-unlad ng Iglesya ang nagpahina sa kapangyarihan ng diyablo. *Naitanikala na siya*. Isang daluyong ng kaisipan at pagkilos na Kristiyano ang babago sa daigdig. Alalahanin natin ang pakikipagtunggali laban sa iba-ibang uri ng pagkaalipin, ang pagpapahalaga sa gawaing-kamay, sa dignidad ng kababaihan at sa pag-aasawa, at ang paggalang sa pagkatao at mga bata.

Nakita ko noon ang kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo (4). Nakikibahagi na sila sa buhay at kaligayahan ni Kristo, at kahit papaano, kasali rin sila sa paghahari sa kasaysayan, at kasama siya, nasa buhay ng Iglesya sa lupa. Alalahanin natin ang umuunlad na impluwensiya ng mga taong naitalaga na ang kanilang sarili sa isang layuning banal at dakila, at namatay.

Pagkalipas ng sanlibong taon (7). Hindi natin alam kung hanggang kailan tatagal ang daigdig, at kung

pawawalan si Satanas sa kanyang bilangguan. ⁸Lalabas siya upang iligaw ang mga bansang nasa apat na sulok ng sanlibutan, si Gog at ang Magog at magti-tipun-tipon sila para sa digmaan – sindami ng buhangin sa tabing-dagat! ⁹Sinalakay nila ang buong lupain at kinubkob ang kampo ng mga banal, ang minamahal na lunsod, ngunit ibinaba ang apoy mula sa langit at tinupok sila.

¹⁰Kaya inihagis ang diyablong nagligaw sa kanila sa lawa ng nagliliyab na asupre na kinaroroonan ng halimaw at ng bulaang propeta. Pahhirapan sila araw at gabi magpakailanman.

Ang huling paghuhukom

• ¹¹Pagkaraa'y nakita ko ang isang malaki at maningning na trono at may nakaupo roon. Sa pagkakita sa kanya, tumakas ang lupa at ang langit at wala nang lugar para sa kanila. ¹²At nakita ko ang mga patay, maliit at malaki, na

ilang kultura at imperyo ang hahamon sa Iglesya. Ngunit ngayon, sinasabi sa atin ni Juan ang huling kagipitang tila napasailalim ang Iglesya sa kapangyarihan ng kasamaan (tingnan ang 2 Tes 2:3). Walang paglalarawan kung ano ang mangyayari: sapat na ang nasabi tungkol sa pakikipagtunggali ng Iglesya laban sa mga ahente ng demonyo upang makuro natin kung ano iyon.

Ibinaba ang apoy mula sa langit (9). Ang huling pagsalakay ay masusugpo, tulad ng una. Inilalarawan ang pakikipaglabang ito sa mga larawang hiniram mula sa Ezekiel, kabanata 38.

• 11. *Tumakas ang langit at lupa* (11). Sa katapusan ng daigdig nagaganap ang huling paghuhukom.

Binuksan ang mga aklat (12). Sa paggamit ng mga larawan mula sa aklat ni Daniel (7:10) ipinakikita ni Juan ang lahat: paghatol sa bawat isa nang isa-isa. Isinulat ang lahat sa aklat: kung ano ang ginawa ng tao, ang sinabi, ang inisip.

Itinapon ang Kamatayan at Kailaliman... (14). Ang huling tagumpay ni Kristo ay binubuo ng paglupig sa kamatayang nakapangyayari sa daigdig bunga ng kasalanan (1 Cor 15:26).

Paulit-ulit na tinalakay ng mga nakaraang kabanata ang paghuhukom ng Diyos laban sa Jerusalem, o laban sa kapangyarihang Romano o laban sa mga bansang humalili rito. Kaya nga, hindi naman binigyang-diin ng Pagbubunyag ang pangwakas na paghuhukom sa daigdig na inuulit na lamang ang nasabi na. Higit

nakatayo sa harap ng trono, at binuksan ang mga aklat. Binuksan din ang isa pang aklat, ang aklat ng buhay, at hinatulan ang mga patay ayon sa mga gawa nilang nakasulat sa mga aklat.¹³ Ibinalik ng dagat ang mga patay na nasa kanya at ibinalik din ng Kamatayan at Kailaliman ang mga patay na nasa kanila, at hinatulan ang bawat isa ayon sa kanyang mga gawa.¹⁴ Pagkatapos, itinapon ang Kamatayan at Kailaliman sa lawa ng apoy. Ang lawa ng apoy ay ang ikalawang kamatayan¹⁵ at itinapon sa lawa ng apoy ang sinumang di-nakasulat sa aklat ng buhay.

Ang bagong langit at ang bagong lupa

21 • ¹Pagkatapos, nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong lupa. Inalis ang unang langit at ang unang lupa, at wala nang dagat.² Nakita ko ang banal na lunsod, ang Jerusalem, na waring isang nobyang

inayusan para sa kanyang esposo.³ At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono na nagsabi: “Nasa piling na ng mga tao ang Tirahan ng Diyos. Maninirahan siya sa piling nila at *magiging mga bansa niya sila at siya naman, Diyos na kasama nila,*⁴ at *papahirin niya ang lahat ng luha sa kanilang mga mata.* Wala nang kamatayan at wala nang pagluluksa, pag-iyak at paghihirap, sapagkat nawala ang mga dating bagay.”

⁵Sinabi ng nakaupo sa trono: “Bina-bago ko na ang lahat.” At pagkasabi sa akin: “Isulat mo ito sapagkat kapani-paniwala ang mga salitang ito”, idinagdag niya:⁶ “Naganap na. Ako ang Alfa at ang Omega, ang simula at ang wakas. Ang nauhaw ay paiinum ko nang walang bayad mula sa bukal ng tubig na buhay;⁷ ito ang mamanahin niya at *magiging Diyos niya ako, at magiging anak ko siya.*⁸ Tungkol naman sa mga duwag, taksil, buktot, mamamatay-tao, mapakiapid,

nitong hinahangad na ilarawan ang bagong Jerusalem na nagmumula sa Diyos: ito ang nasa huling dalawang pangitain na isusunod.

• **21.1** Unang pangitain ng makalangit na Jerusalem. “Hindi nakita ng mata, ni narinig ng tainga ang inihanda ng Diyos para sa mga nagmamahal sa kanya.” (1 Cor 2:9).

Nagsimula ang Biblia sa pangitain ng unang paglikha, nang nakikipag-usap ang Diyos kay Adan, na kanyang kaibigan, sa halamanan ng Eden. Nagtatapos ang Pagbubunyag sa isang higit na kaakit-akit na pangitaing may umaapaw na kasiyahan sa Diyos. *Binabago ko na ang lahat.* Naitayo na ang banal at walang hanggang Lunsod ng tao.

Isang bagong langit at isang bagong lupa. Naging ang muling nabuhay na katawan ni Kristo ang simula ng bagong espirituwal at materyal na sanlibutan na hinahangad natin. Ngunit ngayon ay binago na ng kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay ang buong daigdig. Hindi ito magiging paraiso para sa mga nakahiwalay na “kaluluwa” o para sa anghel, kundi lunsod ng tao: naging mga anak ng Diyos ang tao: *magiging anak ko siya.*

Papahirin niya ang lahat ng luha. Naninirahan ang Diyos sa piling ng mga tao at ibinubuhos niya sa mga ito ang kanyang kaligayahan. Ang mga pagtitiis na kaakibat ng maraming buhay, ang pagpapahirap sa mga martir, ang panloob na hapdi ng mga makasa-

lanang nagsisisi – tapos na ang lahat ng ito. Natagpuan din sa wakas sa puso ng Diyos ang kagalakan at kapayapaan na hindi matagpuan saanmang panig ng lupa.

Ang ikalawang kamatayan (8). Bago ito mangyari ay ang walang-hanggang hatol muna. Maipagkakait ba sa tao magpakailanman ang Diyos at ang dahilan ng pag-iral at makukulong ba siya sa kanyang pag-iisa? Hiwaga ito para sa atin. Napakalaki at napakatotoo ng kalayaan ng tao kayat hindi tayo mapipilit kahit ng Diyos upang ibigin siya: ang mga sadya at tiyakang lumihis sa landas patungo sa buhay ay magmamana ng *lawa ng nagliliyab na asupre.*

Bumababa ang Bagong Jerusalem galing sa Diyos. Tila tinangka ng mga tao na magtayo ng pangkalahatang pamayanan ng tao. Ngunit sa wakas ng kasaysayan, natutuklasan nilang nagtayo ang Diyos na kasama nila ng isang bagay na higit na dakila: ang sangkatauhang tinipon sa mismong buhay ng Diyos.

Naganap na (6). Pangwakas na ang katotohanang ito at wala nang kasaysayan pa pagkatapos nito. Sa bagong daigdig, *walang dagat*, na nangangahulugan ng pagkabalisa ng sangkatauhan (tingnan ang Isaias 55:1). Mula sa panahong ito, ang Diyos, ang *Simula at ang Wakas*, ay magpapatuloy na magbigay na walang bayad ng tubig na nagbibigay-buhay; dahil dito ay mapag-iisipan natin ang mga hinirang, na laging nananabik na mabatid ang hiwaga ng Diyos sa higit na lalim nito, ngunit ganap ding maligaya.

mangkukulam, sumasamba sa mga huwad na diyos, at lahat ng manlilinlang – ang para sa kanila ay ang lawa ng apoy at asupre na siyang ikalawang kamatayan.

Ang bagong Jerusalem

•⁹Lumapit sa akin ang isa sa pitong anghel na may dalang pitong kopa na puno ng huling pitong salot. Sabi niya siya sa akin: “Halika, ipakikita ko sa iyo ang nobya, ang esposa ng Kordero. ¹⁰Dinala niya ang aking diwa sa malaki at mataas na bundok; ipinakita niya doon sa akin ang banal na lunsod ng Jerusalem na bumababa mula sa langit galing sa Diyos, ¹¹taglay ang luwalhati ng Diyos kaya nagniningning na tulad ng isang mahalagang bato na parang malinaw na haspe. ¹²Nababakuran iyon ng isang matibay at mataas na pader na may labindalawang pintuang tinatanuran ng labindalawang anghel. Nakasulat sa mga pintuan ang mga pangalan ng labindalawang tribu ng mga anak ng Israel. ¹³May tatlong pintuan sa silangan, tatlo sa hilaga, tatlo sa timog at tatlo sa kanluran. ¹⁴May labindalawang hilera ng mga bato ang saligan ng pader at nasa mga ito ang labindalawang pangalan ng labindalawang apostol ng Kordero.

¹⁵Dala ng nakikipag-usap sa akin ang

isang gintong tungkod na panukat para sukatin ang lunsod at ang pader at ang mga pintuan nito. ¹⁶Parisukat ang lunsod: pareho ang haba at luwang. Sinukat niya ng tungkod ang lunsod: labindalawang libong estadyo. Magkakapareho ang haba, luwang at taas ng lunsod. ¹⁷Sinukat din niya ang pader: sandaan apatnapu’t apat na siko ang taas. Ginamit nga ng anghel ang karaniwang sukat.

¹⁸Yari sa haspe ang pader at purong ginto ang lunsod na sinlinaw ng kristal. ¹⁹Napapalamutihan ng iba’t ibang uri ng mamahaling bato ang mga pundasyon ng pader ng lunsod. Ang unang hilera ay haspe, ang ikalawa’y sapiro, ang ikatlo’y kalsedonya, ang ikaapat ay esmeralda ²⁰ang ikalima’y onise, ang ikaanim ay kornalina, ang ikapito’y krisolito, ang ikawalo’y berilo, ang ikasiyam ay topasyo, ang ikasampu’y agata, ang ikalabingisa’y hasinto, ang ikalabindalawa’y amatista. ²¹Labindalawang perlas ang labindalawang pinto na bawat isa’y yari sa isang perlas. At purong ginto ang liwasan ng lunsod na malinaw gaya ng kristal.

²²Wala akong nakitang templo sa lunsod sapagkat ito ang kanyang templo – ang Panginoong Diyos na May-ari ng lahat at ang Kordero. ²³Hindi rin niya kailangan ang liwanag ng araw o ng

• 9. Ikalawang pangitain ng makalangit na Jerusalem: ang Templo mula sa Diyos.

Mailalarawan natin sa ating isipan ang mga hinirang na laging nananabik sa pagdiskubre sa hiwaga ng Diyos at lagi ring nasisiyahan.

Sa paglalarawan sa Bagong Jerusalem, pinagsama ni Juan ang dalawang larawan na batayan sa Biblia: *ang handaan sa kasalan at ang templo*. Dito, pagkatapos sabihing “ang Jerusalem na bumababa tulad sa isang nabibihisang nobya para sa kanyang kabiyak” (tingnan ang 19:7 at 21:2), binuo ni Juan ang larawan ng templo. Ipinahihiwatig ng templo ang paghahangad ng mga tao na makita ang Diyos sa kanilang piling. Ngunit hindi na kailangan ang mga templo: napalitan na ng katotohanan ang mga anino: nasa piling na ng mga tao ang Diyos sa isang paraang nakikita, at palagian.

Magkakapareho ang haba, luwang at taas (16). Isang lunsod na itinayo sa hugis ng ganap na piramide: ganap at walang-hanggan. Sagisag ng kapanatagan ang mga pader nito. Wala nang pangamba, maging

ang natatagong pangamba ng bawat isa: ang pangamba dahil sa buhay na unti-unting napapawi. Tulad sa *haspe* ang ninging ng lunsod at haspe rin ang pundasyon niya: ito rin ang kulay na tumuturo sa Diyos sa ikaapat na kabanata.

Tinatanuran ng mga anghel ang mga pintuan; ang ibig sabihin ay epiritual ang mga pasukan. Nakasandal sa mga apostol ang mga pader ng kabanalan at katotohanan: nakapaloob na sa kanilang mga salita o patotoo ang katotohanan ng Bagong Daigdig. Ang pangwakas na lunsod ang layunin ng mahabang peregrinasyon ng tao: nang hindi nila nalalaman, hinahanap iyon ng mga matwid at makatarungan, ng mga dukha, ng mga maawain, at ng mga nagdadalamhati. *Maglalakad sa kanyang ilaw ang mga bansa*.

May bukal ng buhay sa paraiso. Nakaligtaan dahil sa kasalanan, patuloy na hinahanap iyon ng mga tao. Isinulat ni Ezekiel na ang buhay na tubig ang Espiritu ng Diyos at ipinangako ito ni Jesus sa babaeng Samaritana. Ngayon ay dumadaloy na iyon mula sa

buwan sapagkat liwanag niya ang luwalhati ng Diyos at ang Kordero ang kanyang ilawan.

²⁴ *Kaya maglalakad ang mga bansa sa kanyang ilaw; dadalhan iyon ng mga hari ng kanilang kayamanan.* ²⁵ *Di masasara sa araw ang mga pintuan niya at walang gabi naman doon.* ²⁶ Dadalhin sa kanya ang yaman at karangalan ng mga bansa. ²⁷ *At di-makapapasok sa kanya ang sinumang di-malinis o buktot o sinungaling, kundi ang mga nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero.*

22 ¹Ipinakita niya sa akin ang ilog ng tubig na pambuhay na kasinlinaw ng kristal, na nanggagaling sa trono ng Diyos at ng Kordero sa ²kalagitnaan ng liwasan ng lunsod. *At sa magkabilang pampang ng ilog, may punungkahoy ng buhay* na namumunga nang labindalawang beses – buwan-buwan. Ang mga dahon ay panlunas sa mga bansa. ³Wala nang kasawampalad doon. Naroroon ang trono ng Diyos at ng Kordero at sasamba sa kanya ang mga lingkod niya. ⁴Makikita nila ang kanyang mukha at nasa kanilang mga noo ang pangalan niya. ⁵Wala nang gabi at hindi nila kailangan ang liwanag ng ilawan o ng araw sapagkat magliliwanag sa kanila ang Diyos at maghahari sila magpakailanman.

Darating agad ako

• ⁶Sinabi niya sa akin: Tiyak at totoo ang mga salitang ito. Ang Diyos ng mga

espiritu ng mga propeta ay nagsugo ng kanyang anghel upang ipakita sa kanyang mga lingkod ang mga pangyayaring malapit nang maganap.

⁷“Darating ako agad. Mapalad ang nagsasaisip ng mga propetikong salita ng aklat na ito.”

⁸Akong si Juan ang nakarinig at nakakita sa mga ito. Pagkarinig at pagkakita ko, nagpatirapa ako sa paanan ng anghel na nagpakita sa akin ng mga ito. ⁹Ngunit sinabi niya: “Huwag, isang lingkod lamang ako, katulad mo at ng iyong mga kapatid na propeta at ng mga nagsasaisip ng mga salita ng aklat na ito. Ang Diyos ang sambahin mo.” ¹⁰At idinagdag niya: “Huwag mong ipaglilihim ang mga propetikong salita ng aklat na ito, sapagkat malapit na ang panahon. ¹¹Magpakasama pa ang masama, at magpakarumi ang marumi, at magpakatuwid pa ang matuwid, at magpakabanal ang banal.

¹²“Darating agad ako taglay ang aking igagantimpala; igagawad ko ang bawat isa ayon sa kanyang mga gawa. ¹³Ako ang Alpa at ang Omega, ang una at ang huli, ang simula at ang wakas.” ¹⁴Mapalad ang nangaghuhugas ng kanilang damit; magagamit nila ang punungkahoy ng buhay at makapapasok sa mga pintuan ng lunsod. ¹⁵Ngunit sa labas ang mga aso, mangkukulam, mapakiapid, sumasamba sa mga huwad na diyos, at lahat ng mga iniibig at isinasagawa ang bulaan.

¹⁶“Akong si Jesus ang nagpadala ng aking anghel upang patotohanan sa inyo ang mga salitang ito tungkol sa mga

puso ng Diyos – Tatlong Persona – mula sa trono ng Diyos at ng Kordero.

At maghahari sila magpakailanman (5). Ito ang pangwakas na salita at ikapitong ulit na binanggit sa Pagbubunyag.

• **22.6.** *Ako si Juan, ang nakarinig at nakakita sa lahat ng ito.* Sa ganito nagwawakas ang Biblia at magugunita natin ang parabula ng mga manggagawang inupahan para sa ubasan ng Diyos (Mt 20). Natapos na ang gawaing kinasasangkutan ng mga

propeta at manunulat sa loob ng maghapon. Sa unang oras, isinulat ang mga pangitain na nagsisimula sa Genesis at bahagyang ipinakita ang banal na bokasyon ng mga tao at ang layunin ng daigdig. Sa huling oras, nakita na ni Juan ang sangkatauhan na naghahandang makihati sa luwalhati ng Diyos, pagkatapos makilala ni Juan ang Diyos, ang pang-umagang araw.

Ito ang huling oras, ang inaasahang pagdating ni Kristo. Gayunman, alam nating ang panghuling oras ay maaaring antalahin at maaaring dumating ang Nobyo nang malalim na ang gabi: mapagbantay

Iglesya. Ako ang Ugat at Supling ni David, ang maliwanag na Tala sa Umaga.”

• ¹⁷ At sagot ng Espiritu at ng Nobya: “Halika.” At nawa’y magsabi rin ang makaririnig: “Halika.” Hayaang lumapit ang nauuhaw at mainom ng sinumang may gusto ang tubig na pambuhay nang walang bayad. ¹⁸ Binabalaan ko ang makarinig sa mga propetikong salita ng aklat na ito: Kung may magdagdag sa mga ito, ay daragdagan siya ng Diyos ng

mga salot na nabanggit sa aklat. ¹⁹ At kung may mag-alis ng mga salita sa propetikong aklat na ito, aalisan siya ng Diyos ng karapatan sa punungkahoy ng buhay at ng pagpasok sa banal na lunsod na nabanggit sa aklat na ito.”

²⁰ Sinasabi ng nagbunyag ng mga ito: “Oo, malapit na akong dumating.”

Amen! Halika, Panginoong Jesus.

²¹ Sumainyong lahat ang biyaya ng Panginoong Jesus.

ang mga Kristiyano, matatag sa kanilang pag-asa, maging kaharap man nila ang kapangyarihan ng kadiliman.

Sinasabi ni Kristo: *darating ako agad (7)* at hinihingi niyang igiit ang paulit-ulit na panalangin ito: *Halika, Panginoong Jesus*. Hindi mahalaga ang pagkaantala: puno ng pag-asa ang ating mga puso. *Oo, halika, Panginoong Jesus!*

• 17. *Kung may nauuhaw, hayaan siyang lumapit.*

Nabasa na natin sa 21:6 ang mga salitang ito na hinango sa Isaias 55. Nagiging sapat ang gulang ng bata kapag tinatalikdan niya ang kanyang walang-katapusang mga nais at tinatanggap ang mga limitasyon ng realidad. At pinababalik tayo ng Diyos sa pagkabata kapag pinupukaw niya sa atin ang mga walang-hanggang hangarin “Mangyari nawa sa iyo ang hinding mo – o, di kaya’: ang hinangad mo, inasahan at pinaniwalaan.”

Ang paghangad ang paraan ng Diyos para ihanda

tayo sa mga dakilang bagay na nais niyang ipagkaloob. Ito ang ating unang kamalayan ng paggawa niya sa atin. Mga hangaring tulad ng mga binhi sa parabula. Maraming itinanim na kaagad nawala, o tayo mismo ang pumuputol ng kanilang mga bagwis: “Hindi ito para sa akin, sapat na at mas ligtas pa ang tumulad sa mabait at pangkaraniwang mga Kristiyano.

Oo, mas ligtas mamuhay nang kakaunti ang hangarin, sapagkat maaaring mauwi ang hangarin sa pagkauhaw.

Maraming nakakaranas ng pagkauhaw sa Diyos subalit kakaunti ang nakakapagtiis nito. Tinatawag natin itong pagkabagot, kawalan ng pakikipag-sosyalan, at ang lunas na malimit ialok sa atin ng mga taong mabuti naman ang intensiyon ay tumubog muli sa aktibidad at “balikan ang mga sibuyas ng Ehipto” (Blg 11:15), na ibig sabih’y mahalín ang mundo. Ingatan at patindihin ang uhaw, at tanggihan ang alinmang kasiyahan na mas mababa kaysa walang-hanggang Diyos. Dumarating na ang panahon na sasabihing: *Hayaan siyang lumapit.*